# *SINDIHAN ANG ILAW*

Sige. Ito ba 'yung . . . [Sinasabi ng isang kapatid, "*Ito* po 'yung mikropono mo."—Pat.] Ito 'yung pangunahin? Salamat, po. ["*Ito* 'yung gumaganang mikropono."] Sige, po. Sige. Tingin ko may kaunting alingawngaw sila riyan sa likod, at kaya . . . Magandang umaga, mga kaibigan. Naririnig n'yo ba ako nang maayos diyan sa likod? [Sinasabi ng kongregasyon, "Opo."] Napahinto na nun. Salamat.

2 Tunay po na nabigyan ako ng pribilehiyo, ngayong umaga, na makadako rito sa entabladong ito, matapos na maibigay ang ganoong kadakilang mga patotoo; para—para makapagsusog pa nang kaunti sa mga bagay na nasabi na nila, para makapaghatid ng mga pagpapala sa atin gaya ng tinatamasa natin ngayong umaga. Ngayon, napansin kong ang ilan sa kanila'y lubos na . . .

3 [Biglang may umalingawngaw na feedback sa PA system. Sinasabi ng isang kapatid, "Sa tingin ko kailangan natin itong ipuwesto, ito, sa gitna, Kapatid na Branham."—Pat.] Sige, ginoo. Mas maigi na ba?

4 Kasama ang ilang kalalakihan dito, kung paano sila nangusap, at halos bawat isa . . . Buweno, ang lahat ng pumunta rito'y nakapagbigay ng isang tunay na maliwanag, na kahanga-hangang patotoo. Lubos ko ngang pinasasalamatan 'yan, 'yang magandang patotoo na 'yan para sa Panginoon!

Ngayon tayo'y dadako na sa Salita.

5 At ako, ngayong linggo, nilayon ko sa puso ko na hindi na panatilihin ang mga tao nang dalawa o tatlong oras, na nakaupo, na nakikinig sa akin. Sasabihin ko sa inyo kung bakit ko—bakit ko ginagawa 'yun, mga kaibigan. Hindi kasi ako nakapag-aral, at nakakapangusap lamang ako sa pamamagitan ng inspirasyon. Ngayon, ganoon din ang isang taong may pinag-aralan, kapag kinasihan din siya, hayan nga; pero kaya niyang ipaliwanag 'yung tungkol sa mga ipinapangusap niya, sa pamamagitan ng kanyang edukasyon, makakahugot siya ng mga salita na makapagpapabatid sa mga tao kung ano ang ipinapangusap niya. Dahil sa kakulangan sa pinag-aralan, kinakailangan kong kumuha ng mga simbolo sa kalikasan at magpahayag sa pamamagitan ng inspirasyon na mayroon ako. At kaya mahirap po, kung minsan, para sa mga tao na maunawaan nila talaga. Nalaman natin na labis akong nagugulumihanan ukol dito hanggang sa masumpungan ko na sa Biblia pala'y ginagawa ng Diyos ang ganoon ding paraan, parehong mga kaparaanan.

6 Napansin natin, tulad ni Juan Bautista, gayong wala tayong anumang tala tungkol sa kanyang edukasyon, at mangyari nga,

noong siya'y—noong siya'y lumabas mula sa ilang, nagsimula siyang mangusap sa—sa. . .kanyang kongregasyon, sa iglesya nung panahong 'yun. At napansin natin kung paano niya ipinahayag 'yun. Sinabi niya, "Kayong lahi ng mga ahas." Kita n'yo, 'yun ang nakasanayan niya, 'yung kalikasan at 'yung ilang; sa madaling salita, isang bagay na madulas at malansa, at mapanlinlang. Ngayon, maaaring may ibang tao na makapagbibigay ng isang partikular na salita na ang gagamitin nga'y "mga impostor" o kung anong salita na maaaring nagamit para ipahayag 'yun. Pero ang ginamit na salita ni Juan ay "ahas." Sa tingin ko nama'y naunawaan ng lahat kung ano ang pinatutungkulan niya.

7 Kaya pagkatapos ang sabi niya, "Huwag ninyong simulang isipin na magsasabi sa inyong sarili, na 'kabilang kami sa *ganito* at kabilang kami sa *ganoon*,' dahil sinasabi ko sa inyo, may kakayahan ang Diyos sa mga batong ito rito," kita n'yo, kita n'yo, hindi sa kung anong ibang dakilang pagpapahayag. "May kakayahan ang Diyos sa mga batong ito." Ipinahayag niya 'yun sa kalikasan.

8 At, mayroon din, "Nakaumang na ang palakol sa ugat ng punongkahoy." Ang isang kapatid na may mahusay na pinag-aralan, na may parehong inspirasyon, ay marahil ang sasabihin niya, "Kanyang lilipulin." Ang sinabi niya, "Nakaumang na ang palakol sa ugat ng punongkahoy." Ang ibig sabihin nga nun ay lilipulin ito, sa ibang paraan, kita n'yo, mangyari nga na alam niya—alam niya na ganoon nga ito. Ganoon lang talaga ang pagkakasabi niya, dahil marahil di siya nakapag-aral.

Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

9 May mga kahilingan ako na hawak dito para maipanalangin. Na, 'yan po ang pagmiministeryo ko, ang manalangin para sa mga maysakit. May ilan akong mga kahilingan na hawak dito, ilang mahahalagang kahilingan. At alam kong marami pa rito. At may ilan kaya, ngayong umaga, na gustong maalaala? Buweno, sige't itaas lamang n'yo ang inyong mga kamay sa Diyos, sabihin, "Ako. . ." Ngayon panghawakan n'yo lang ang mga kahilingan n'yo habang nananalangin tayo.

10 Makalangit naming Ama, kami'y dumudulog ngayon sa Iyong Kabanalan, sa pamamagitan ng Pangalan ng Iyong Banal na Anak, ang Panginoong Jesus, para hilingin ang petisyong ito, ng bawat isa na sumulat ng mga kahilingang ito, na narito sa aking kamay. Lalo na ang bata pa't, magandang anak na babae ng kapatid na lalaking ito na napinsala sa aksidenteng 'yun. Nananalangin ako para sa batang 'yun, Panginoon. At idinadalangin ko ang lahat ng iba pang mga kahilingan. At maging yaong mga lingid sa amin ngayon, nalalaman lamang ng mga nagsipagtaas ng kanilang kamay; pero Ikaw po'y walang hanggang Diyos, at batid Mo ang bawat motibo't lahat naming

mga kahilingan. Dalangin namin na Iyong tutugunin. Dahil ipinangako Mo ito, sinasampalatayanan namin ito.

11 At hinihiling namin ngayon na Iyong kunin itong ilang mga salita na aming babasahin, at kasihan ang mga ito sa amin, Panginoon, habang naghihintay kami sa Iyo. Lumapit nawa ang Espiritu Santo sa bawat isa, at ihayag sa amin ang interpretasyon ng Salita. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

12 [Sinasabi ng isang kapatid, "Kapatid na Branham, maaari ba naming subukan at para makita kung gagana ba ito?"—Pat.] Sige, lang, kapatid, gawin mo lang. Ayos lang. Sige't habang bumubuklat ako ngayon, mayroon akong isang. . .

13 Noong araw ay kaya kong sauluhin ang mga Kasulatan ko't mga bagay-bagay, nang walang—walang tinitingnan, pero magmula noong lumampas na ako ng dalawampu't lima, hindi na uubra. Kailangan ko nang alalahanin sa pamamagitan ng pagsusulat nito. Ngayon ating. . .

14 Mas maayos na ba? Mas naririnig n'yo na ba nang maigi? Hindi. Diyan sa likod, umiiling sila. Siguro. . .[Sinasabi ng isang kapatid, "Kinakailangan mo pong tumayo sa harap nito mismo."—Pat.] Kinakailangang tumayo. . .["Sa harap po mismo."] Sige. At paano kaya kung *paganito,* naririnig n'yo na ba? Paano naman kung *paganoon*, mas maayos ba? Sige. Mabuti.

15 Ngayon gusto kong ibaling ang inyong pansin sa—sa Isaias 42:1-7, at ganoon din sa Mateo 4:15-16.

> *Narito, ang aking lingkod, na aking inaalalayan; ang aking hinirang, na kinalulugdan ng aking kaluluwa; isinakaniya ko ang aking espiritu: siya'y maglalapat ng kahatulan sa mga Gentil.*
>
> *Siya'y hindi hihiyaw, o maglalakas man ng tinig, o iparirinig man ang kaniyang tinig sa lansangan.*
>
> *Ang gapok na tambo ay hindi niya babaliin,. . .ang timsim na umuusok ay hindi niya papatayin: siya'y maglalapat ng kahatulan sa katotohanan.*
>
> *Siya'y hindi manglulupaypay o maduduwag man, hanggang sa maitatag niya ang kahatulan* sa *lupa: at ang mga pulo ay maghihintay sa kaniyang kautusan.*
>
> *Ganito ang sabi ng. . .PANGINOON, na lumikha ng langit, at nagladlad ng mga yaon; siyang naglatag ng lupa, at ng nagsisilitaw rito; siyang nagbibigay ng* tinapay *sa bayang nito, at ng diwa sa kanila na nagsisilakad dito:*
>
> *Ako ang PANGINOON ay tumawag sa iyo sa katuwiran, at hahawak ng iyong kamay,. . .magiingat sa iyo, at ibibigay kita na pinakatipan sa bayan, na pinakaliwanag sa mga Gentil;*

*Upang magdilat*. . .*ng mga bulag na mata, upang maglabas*. . .*ng mga bilanggo sa* mga bilangguan, *at nilang nangauupo sa kadiliman mula sa*. . .*bilangguan.*

16 At ngayon naman sa San Mateo 4, simulan natin sa ika-12 talata, mababasa natin ang ganito.

*Nang marinig nga niya na si Juan ay dinakip, ay umuwi siya sa Galilea;*

. . .*pagkaiwan sa Nazaret, ay* naparoon *siya at tumahan sa Capernaum, na nasa tabi ng dagat, sa mga hangganan ng Zabulon at Neftali:*

*Upang maganap ang sinalita sa pamamagitan ng propeta* Isaias, *na nagsasabi,*

*Ang lupa ni Zabulon, at ang lupa ni Neftali, sa gawing dagat, sa dako pa roon ng Jordan, Galilea ng mga Gentil;*

*Ang bayang nalulugmok sa kadiliman, ay nakakita ng dakilang ilaw; At sa kanila* na *nangalulugmok sa* mga pook ng mga lilim *ng kamatayan ay lumiwanag sa kanila ang ilaw.*

*Mula noon ay nagpasimulang mangaral si Jesus,*. . . *magsabi, Mangagsisi kayo: sapagka't malapit na ang kaharian ng langit.*

17 Pagpalain ng Panginoon ang Kanyang Salita! Ngayon ang paksa ko ngayong umaga ay: *Sindihan Ang Ilaw.* At sa abot ng makakaya ko na bilis, para makaalis na kayo para sa susunod na pagtitipon ngayon, na magaganap ng mga nasa apatnapu't limang minuto.

18 Kilala n'yo, si G. Mc Anally, sa palagay ko narito siya. Nakita ko ang truck niya sa labas. Medyo matagal na, noong nakaupo kami, sa isa sa mga una kong biyahe rito sa Arizona, para mangaso. Nakaupo kami rito malapit sa Superstition Mountain. Matagal ko nang nababalitaan ang tungkol dito, at nabalitaan na 'yung marami sa mga alamat na naikuwento na tungkol sa Superstition. Naaalala ko noong hinahanap ko ito, noong unang beses; bago mag-umaga noon, at isang malaking parang multong anino ang nakalutang sa silangan ko, na kilala bilang yaong Superstition. Narinig ko na 'yung tungkol sa mga Indian, kung papaanong hindi sila lumalapit dito, kung papaanong natatakot sila, kung papaanong minaltrato sila ng mga Espanyol noong mga sinaunang araw noong naghahanap sila ng ginto. Sinasabi nilang naninirahan dun ang masasamang espiritu. Pinukaw nga ako nun para mag-usisa. Pero flashlight lang ang mayroon ako, para makita ang Superstition, noong una.

19 Pagkatapos ay nagmatyag ako hanggang, pagkaraan ng ilang saglit, 'yung banaag ng araw ay nagsisimulang kumilos sa kadiliman. At noong makakilos ito, inihiwalay nito ang kadiliman sa liwanag, at itinulak ang kadiliman. Sa wakas,

sumikat ito patungo sa kanyang kataasan, doon sa ituktok ng bundok, at ipinakita nito ’yung Superstition kung ano ito. Nagliwanag ito’t ipinakita kung ano ito. At ang lahat ng mga sindak at takot na mayroon ako ukol sa Superstition, noong sumisikat na dun ’yung araw sa kapangyarihan nito, ay nawala ’yun lahat.

20 Ang araw ang hari ng lahat ng liwanag sa mundong ito, pagdating sa mga natural na liwanag. Kahit gaano pang karaming artipisyal na liwanag ang mayroon tayo, at gaano mang karaming kalalakas na sinag mula sa kuryente ang kaya nating gawin; kapag sumikat ang araw, ang lahat ng iba pa nga’y malamlam.

21 Ganoon din ito sa Salita ng Diyos. Kapag sumikat ang Salita ng Diyos, ang lahat ng mga pamahiin, makadenominasyong panatisismo’t mga bagay-bagay, ay mapapaalis, at ipapakita nito kung ano talaga ito. Ang Diyos, sa pasimula, ay nagsabi, “Magkaroon ng liwanag.” Dumarating lamang ang Liwanag, ang tunay na Liwanag, ang haring Liwanag, haya’t dumarating nga sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Inihiwalay ng Diyos ang liwanag sa kadiliman, sa pasimula. Ang Salita ng Diyos, na nahayag, ay inihihiwalay sa tuwina ang Liwanag sa kadiliman.

22 Maaaring lumitaw ang mga tao na dala ’yung *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*; maaaring lumitaw ang mga ismo, Komunismo, Pasismo, at lahat na ng iba pang mga ismo’y maaaring lumitaw; mga pamahiin, mga kulto, kung anu-ano pa, haya’t maaaring lumitaw. Pero kapag ang hari ng Liwanag ng Biblia ang lilitaw, ang lahat ng mga pamahiin at mga bagay-bagay . . . Pero, nakita n’yo, alam nating naroon ito, pero hanggang sa mapagtibay Ito, mapatunayan ang Kanyang Liwanag; hayan nga na wala tayong karapatan na makipagtalo laban Doon, dahil pinapatay Nito ang lahat ng iba pang liwanag. Sinabi ni Jesus, “Hayaang ang salita ng bawat tao’y maging isang kasinungalingan at ang Akin ang Katotohanan.” Ang Salita Niya ay nangingibabaw sa lahat ng salita ng tao, higit sa lahat, na anumang bagay. Ang Salita Niya ay Liwanag.

23 At alam natin sa pasimula ay tunay nga na maulap at mapanglaw at madilim, habang umiinog ang mundo, at may kabatiran nga ang Diyos na kailangan Niya ng liwanag. Ngayon, ang Kanyang binhi ay nasa lupa na, dahil itinanim na Niya ito roon. Ngayon kinailangan Niya ng liwanag para pausbungin ang binhing ’yun, para buhayin ang binhing ’yun, dahil naroon na ang binhi.

24 Kung papaano nga na sa bawat kapanahunan, paunang sinabi na ng Diyos kung anong mangyayari sa bawat kapanahunan. Ang tanging bagay na kailangan na lang Niya’y ang kahayagan ng Liwanag ng Diyos sa Kasulatang ’yun, para maging buhay ito para sa kapanahunang ’yun. Sadyang . . . ? . . .

At gagawin nito 'yun hangga't nakadadako ang Liwanag sa Salita. Kapag ang Salita'y nasibulan, bubuhayin Nun ito kung ito'y pangako para sa panahong 'yun.

25 Marahil magtatanim ka ng trigo sa isang panahon, o butil sa ibang pagkakataon. Ang ilan nga'y mas mabagal tumubo kaysa sa iba, dahil nakadepende ito sa kapanahunan.

26 Dumarating ang Salita ng Diyos sa kapanahunan, ang batas at ang biyaya, at iba pa, gaya ng pagtugaygay natin sa lahat na mga kapanahunan. At, sa bawat pagkakataon, sinindihan ito ng pagpapakita ng Liwanag na pinapalaganap ang—ang Buhay na nasa Binhi.

27 Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, sumisikat ngayon ang araw, dahil ang mismong araw na ating tinatamasa ay Salita ng Diyos na nahayag. Ang mismong sikat ng araw na ito na nakikita natin sa labas ay walang iba kundi Salita ng Diyos, noong sabihin Niya, "Magkaroon ng liwanag."

28 At paano kung sinabi Niya, "Magkaroon ng liwanag," at hindi nagkaroon ng liwanag? Kung ganoon ay hindi ang Diyos ang nagsalita. Kapag sinabi ng Diyos, "Magkaroon," magkakaroon mismo. At kaya nga nalaman natin na ang araw na tinatamasa natin ngayon ay ang kahayagan ng Salita ng Diyos na binigkas sa Genesis.

29 At nalaman natin na ang Liwanag ng Diyos sa araw na ito'y ang Kanyang Anak. Yung isa'y a-r-a-w; 'yung isa namang ito'y A-n-a-k. Ang A-n-a-k ay ang Biblia. Siya'y . . . "Nang pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." Mga Hebreo 13:8, "Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ito'y ang Salita ng Diyos, sa tuwina. Ito si Cristo na naroon kay Noe. Ito si Cristo na naroon kay Moises. Ito si Cristo na naroon kay David na tumanaw, bilang isang haring tinanggihan, sa lungsod; kung saan, pagkaraan ng walongdaang taon, naupo roon si Cristo na iniiyakan ang lungsod, bilang isang Haring tinanggihan, na katulad ni David. Sa tuwina'y ang Espiritu na ito ni Cristo noon pa man. At ang buong kahayagan ng Salita ng Diyos ay ipinakilala sa pamamagitan ni Jesus Cristo, ang Espiritu ng Diyos.

30 Walang buhay ang maaaring magmula sa labas ng liwanag. Ang liwanag ay namumunga; namumunga ang liwanag ng Buhay. Walang mabubuhay—mabubuhay na labas ng liwanag, natural man o espirituwal. Ganoon mismo.

31 At maaari lamang magmula ang Liwanag sa Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay ang Liwanag kapag Ito'y nahahayag. Isa lamang itong Binhi na nakahimlay rito, dahil itinanim na ng Diyos ang lahat ng mga binhi.

32 Ang mga katawan natin ay nasa lupa na bago pa ang . . . buweno, buweno, bago pa magkaroon ng anumang liwanag dito, anumang buhay dito, o anumang bagay; ang calcium, potash,

petrolyo, at kosmikong liwanag, kung ano pa, ay narito na—narito na noong nilalang ng Diyos ang lupa. Kinailangan lang ng binigkas Niyang Salita para umiral ito, katulad ng ginawa nito sa buhay botanika, o buhay ng punongkahoy, na kung ano, o anumang buhay na iiral.

33 Walang maaaring mabuhay, natural man o espirituwal, nang wala ang Kanyang Liwanag, at ang Kanyang Salita ay Liwanag at Buhay.

34 Pero kapag ipinapadala Niya ang Kanyang Liwanag at ipinakikilala Ito sa mga tao, at pagkatapos tatanggihan Ito, kung ganoon nga'y anong mangyayari dun? Yan ang gusto nating pag-usapan ngayong umaga, itong: pagtanggi sa Liwanag, pagtanggi nila na mga pinadalhan Nito, pagtanggi katulad noong unang panahon. "Narito ang Aking lingkod, Na Aking kinalulugdan." Siya ang Liwanag sa mga Gentil. Siya ang Liwanag sa sanlibutan. Siya ang Liwanag ng sanlibutan, subalit tinanggihan Siya. Yun ang nakalulungkot na bagay.

35 At laging ganoon ang kondisyon sa tuwing inihahayag ng Diyos ang Kanyang Liwanag, tinatanggihan mismo ng sanlibutan ang liwanag. Bakit? Nasusulat kasi ito mismo sa Biblia. Bawat kapanahunan, naglaan ang Diyos nang sapat sa Kanyang Salita para sa bawat kapanahunan, at sa tuwina'y may ipinapadala Siya para ihayag ang Salitang 'yun.

36 Iprinopropesiya na noon si Jesus sa loob ng apat na libong taon, na darating Siya, bilang Mesiyas. At noong dumating Siya, Kanyang inihayag ang bawat pangako patungkol sa Mesiyas. Pero sa kabila ng lahat ng 'yun ang mga tao sa sanlibutan, ang mga kaiglesyahan, at iba pa, sila'y walang kaalam-alam tungkol sa Kanya, kaya, dahil napadpad sila sa kung anong iba pang bagay na pumigil sa kanila na malaman Ito. Ngayon paano kung may isang—isang tao na haya't . . .

37 Kunin natin sa bahaging natural. Paano kung ang isang tao, na ipinanganak dito para lumakad sa liwanag ng araw na 'yan, na nilikha ng Diyos para sa kanya, at, bigla na lang, ipipikit ng taong 'yun ang kanyang mga mata, magtatago sa ibabang palapag, isasara ang pinto, itatakip ang tabing, at talagang itatanggi na kilalanin na sumisikat ang araw? Tinatanggihan niya ang mga pribilehiyo niya. Tinatanggihan niya ang nagpapainit na mga sinag, at nagbibigay-buhay nitong yaman. Tinatanggihan niya ang kumakalat na liwanag para sana'y makita niya kung saan siya papunta, kung saan siya nanggaling. Tinatanggihan niya 'yun. Anong sasabihin mo sa isang tao na nagtatakip ng tabing, at magkukubli roon sa pinakaibabang palapag at papatayin ang lahat ng ilaw, sa lahat ng dako, at talagang tatanggi na kilalanin na sumisikat ang araw? May diperensya sa pag-iisip ang taong 'yun. Kahit sino'y alam na ganoon nga. Sasabihin sa'yo ng isang natural na pag-

iisip na may diperensya ang taong 'yun, na siya ay, siya'y—siya'y . . . May kung anong bagay na nangyari sa kanya. Nawalan siya ng sentido komun.

38 Buweno, ganoon din sa mga oras na kinabubuhayan natin, kapag ang isang tao ay nagtatakip sa kanyang sarili ng kung anong—anong palusot, para dapat sana'y kilalanin ang Liwanag ng Ebanghelyo sa pagsinag mismo Nito gaya ngayon. Kapag sinasadya ng isang tao na tumalikod Dito, papasok sa kung anong bagay at isasara ang kurtina, sasabihin, "hindi ako naniniwala Rito," may diperensya ang taong 'yun. Dahil walang paraan para maiwasan ito. May bagay mismo na mali. May kung anong nangyari sa taong 'yun. At nalaman natin na napakarami mismo, napakarami ng ganyan sa panahon ngayon.

39 Ngayon, si Jesus ang lahat ng mga patotoo ng mga propetang kinasihan. At lahat ng kanilang mga propesiya'y nalantad sa Liwanag noong Kanyang panahon, na mga naipropesiya para sa Kanyang panahon. Sinindihan niya ang bawat kandila ng Salita na nasa Biblia, na iprinopesiya tungkol sa Kanya. "Isang birhen ang maglilihi." At naglihi nga. Siyanga. "Ang Kanyang Pangalan ay tatawaging Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama." Siya nga. "At ang mga mata ng bulag ay makakakita." Nakakita nga sila. Ang lahat ng naipropesiya tungkol sa Kanya, ay nangyari noong dumating Siya sa lupa.

40 At kung bakit di 'yun makita-kita ng mga tao, haya't . . . Para bang kabalintunaan 'yun sa atin ngayon, dahil nakatingin tayo sa isang salamin na pantanaw sa likuran. Pero alam n'yo ba, kung tuluy-tuloy kang nakatingin sa likuran nang paganoon, mababangga ka? Tayo nga'y tumingin sa kung anong nasa unahan para sa atin.

41 Ganoon ang ginagawa nila noon. Ang dahilan kung bakit ganoon ang ginagawa nila, ay dahil nabubuhay sila sa silaw ng ibang liwanag. Doon sila nabubuhay sa silaw ng liwanag ng ibang panahon.

42 At 'yan ang sa paniwala kong nangyayari sa mundo ngayon, mga kaibigan, ay dahil sa sinisikap nating mamuhay sa silaw ng liwanag na suminag sa ibang panahon. Ang isang silaw nga'y huwad na liwanag.

43 Parang isang mirahe sa daan. Naglalakbay tayo sa daan at makakakita tayo ng isang mirahe. Ito'y huwad na akala ukol sa araw. Haya't pagdating mo roon, wala naman itong ipinakita roon kundi isang huwad na bagay mismo. Dahil, hindi ka maaaring lumakad sa silaw ng araw, dahil isa itong mirahe, palaging pinapakitaan ka ng ibang bagay na wala namang kahit ano ukol dun.

44 At kapag sinusubukang sabihin sa inyo ng mga tao na si Jesus Cristo'y hindi na pareho kahapon, ngayon, at magpakailanman,

inaakay nila kayo patungo sa isang mirahe. Ganoon mismo. At kapag pumasok ka sa isang simbahan at nakisali sa simbahan, na kung anong malamig na kredo o bagay na parang ganoon, walang anuman doon, na anupa't katulad lang ng kung anong mayroon kayo sa sanlibutan.

45 Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo. Huwag n'yong tanggihan ang Liwanag ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo, na nagdadala ng nagpapainit na sinag ng Espiritu Santo sa inyo, na ginagawa kayong isang bagong nilalang kay Cristo Jesus. Huwag n'yong subukang lumakad sa kung anong silaw ng ibang panahon. Ngayon, maaaring nakakabuti naman ang silaw na 'yun sa ibang panahon, maaaring ayos 'yun para sa kanila.

46 Napatunayan na ganoon mismo sa panahon ng ating Panginoong Jesus. Siya ang nababatay sa Kasulatang Liwanag noong panahon na 'yun. Siya ang Liwanag. Hindi pa Siya ang Liwanag hanggang sa dumating Siya sa lupa't pinagtibay ang pangakong Salita. Alam n'yo, sinabi Niya roon, "Si Juan ay isang maliwanag at nagniningning na liwanag, at inibig ninyong lumakad sa kanyang liwanag sa loob ng isang panahon."

47 Tunay, dahil iprinopesiya na ni Isaias si Juan, pitong-daan at labindalawang taon bago ang kapanganakan niya, na, "Isang tinig ang sisigaw sa ilang." At mayroon ding nabanggit sa Malakias, ang pinakahuli sa mga propeta, apatnaraang taon bago ang kanyang pagdating, sa ika-3 kabanata ng Mal-. . .ng Malakias, sinabi niya, "Narito, isinusugo Ko ang Aking sugo sa unahan Ko, upang ihanda ang daan."

48 Heto si Juan sa lupa, na pinapaging-buhay ang Salitang nasusulat. Siya ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, at siya'y laging. . .gayundin na siya'y maghahanda ng daan sa unahan ng Mesiyas. At sinabi ni Jesus, "Gusto ninyong lumakad sa kanyang liwanag, dahil siya ang liwanag na yaon, maliwanag at nagniningning na liwanag."

49 At si Juan, sabi niya, "Ngayon ay kailangan kong bumaba, kailangang yumao ng aking liwanag, dahil (bakit?) natapos ko na ang oras ko na iprinopesiya ukol sa akin. Pakinggan ninyo Siya! Siya yaong Isa na 'yun. Magsisunod kayo sa Kanya." Ito'y nabuhay sa araw na 'yun, ito ang nagpatunay nito.

50 Ngayon, inakala ng mga Judio noon na sumasamba sila sa tunay na Liwanag. Inakala nila na sinasamba nila, ang siya ring Diyos na ito na kanilang tinatanggihan. Yaong mismong sa akala nila'y sinasamba nila, haya't kanilang ipinapako sa krus. Tinutuya nila ang mismong Diyos, at ginagawa Siyang tampulan ng katatawanan ng mga tao, ang mismong Diyos na akala nila'y sinasamba nila.

51 Hayaan n'yong sabihin ko ito nang may pagpipitagan at paggalang, para mahatid mismo ang Liwanag, dahil, tulad ng sinabi kanina ng ating kapatid, nabubuhay tayo nang huli na

kaysa sa iniisip natin. Isa sa mga araw na ito ay maaaring may bagay na mangyari, na magiging huli na. Tatanggapin ng mga tao ang tatak ng hayop, na walang kamalay-malay kung anong ginagawa nila. "Inaakay ng bulag ang bulag, mahuhulog silang lahat sa hukay," sabi ni Jesus. At nabubuhay tayo nang mas huli na kaysa sa iniisip natin. Maraming tapat na tao ang susunod doon, nang walang kamalay-malay kung ano ang ginagawa nila.

52 Pero malapit na ang oras ngayon kung kailan sumisikat ang Liwanag, ang Liwanag ng Ebanghelyo, sa kapangyarihan Nito ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, inihahayag Niya Mismo na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Itinakda Niya 'yun para sa araw na ito. Ang mga bagay na ipinangako Niya para sa araw na ito'y dapat na mangyari sa araw na ito. Kung di man Ito tatanggapin ng iglesya, may kakayahan ang Diyos na magbangon sa mga batong ito ng mga anak kay Abraham. Maipaparating Niya ang Kanyang Mensahe, dahil noon pa man ay Kanya nang ginawa ito. Sa tuwina'y Kanyang gagawin ito.

53 Iniisip ng mga tao na lumalakad sila sa Liwanag, sa mga tradisyon ng mga magulang, at, malalaman mo na lang, lumalakad pala sila sa silaw ng isang liwanag, hindi sa parehong Liwanag, haya't tinanggihan kasi ang mismong Liwanag na inaangkin nilang sinasamba nila.

54 Lubusang pinagtibay ng Kanyang mga gawa kung Sino Siya. Sinabi ni Jesus, Mismo, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat sa mga Ito ay iniisip ninyong mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang nagpapatotoo sa Akin. Sinong makahahatol sa Akin ng kasalanan?" Sinabi Niya, "Sinong makapagpapatunay na nagsabi Ako ng anuman, o anumang pag-aangkin na ginawa Ko, na hindi 'yun pinagtibay ng Ama sa Langit sa pamamagitan Ko?" Talaga ngang pinatunayan sa inyo na Siya ang Liwanag ng panahon, dahil iprinopesiya nang lahat na magiging ganito ang Mesiyas na ito, at narito't sumibol na sa Buhay, pero inihiwalay sila ng kanilang mga tradisyon sa tunay na Liwanag ng Salita.

55 Mga Fariseo, mga Saduceo, mga Herodiano, at ano pa man, labis nilang nilito ang mundo, tulad ng ginawa nila sa lahat ng mga kapanahunan, na hindi na tuloy nila makita ang tunay na Liwanag. Binulag nito ang kanilang mga paningin. Nasanay sila sa paglalakad sa silaw na lamang, "Sa susunod na araw ay magiging *ganito*, at bukas magiging *ganito*. Sasali tayo sa *ganito*, at magiging *ganoon*. Sasali tayo *roon*." Nalaman natin na isa pala 'yung huwad na mirahe.

56 Si Jesus Cristo ay kasing totoo ngayon, sa puso ng tao, kung papaano Siya noon. Ang kapangyarihan Niya at ang Kanyang buhay na Presensya ay kasing totoo ngayon katulad noon. "Narito, kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng

sanlibutan. Ang kosmos, ‘ang panuntunan ng mundo,’ ay hindi na Ako makikita. Gayunman, makikita ninyo Ako; sapagkat sasamahan Ko kayo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo, na higit na mas marami kaysa rito ang gagawin ninyo, dahil Ako’y paroroon na sa Aking Ama.”

57 Ang dakilang pangakong ’yun ay ngayon. Ang sanlibutan ay sobrang bulag na mismo, pero may ilan na “makikita ninyo Ako,” at ’yun ang sinisikap nating makuha ngayon. Ang buong Ebanghelyo, ang kahulugan nito, ay ang ihayag si Jesus Cristo sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, at sa buong kabuoan ng Kanyang mga pangako; na inihahayag ng Espiritu Santo ang mga bagay na ito at ginagawang tama, na ipinangako ng Diyos, haya’t gagawin Niya ito. Siyanga, po.

58 Siya ay ganap na pinagtibay sa pamamagitan ng—ng Salita at ng mga gawang ginagawa Niya, pero wala ni isa sa kanila ang gustong maniwala rito. Pinatunayang ang Kanyang Liwanag ay ang Salita! Sinabi na ito mismo ng Salita, “Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan.”

59 Pero ang kanilang mga tradisyon na kinabubuhayan nila, isang silaw ng ibang panahon! Sabi nila, “Naniniwala kami kay Moises; si Moises ang aming pinaniniwalaan. Hindi namin alam kung saan Ka nagmula. Saan Mo kinuha ang Iyong edukasyon? Anong patunay Mo na Ikaw *Ito*?”

60 Nagpapatotoo ang mga gawa Niya kung Sino Siya, kung binasa lang sana nila ang Biblia. Siyanga’t binabasa nila Ito, pero hindi nila Ito makita-kita. “Ipinapakilala Ako ng Aking mga gawa.”

61 Nakikilala ang isang tao sa pamamagitan ng kanyang mga kredensyal, ang kredensyal ng Salita ng Diyos, kung ipinadala siya sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at dala ang Salita ng Diyos. Ganoon sa bawat kapanahunan! Ganoon na noon pa man.

62 Hindi tayo maaaring mabuhay sa pamamagitan ng liwanag ng kahapon. Kasaysayan na ang liwanag ng kahapon. Wala tayong kinalaman ukol dun. Hindi ka maaaring mainitan ngayon ng araw na sumikat kahapon. Yun ang nangyayari sa mga iglesya ngayon. Yun ang problema sa mga tao, sinisikap nilang mabuhay sa kung anong nangyari kahapon. Hindi ka maaaring magpainit sa pamamagitan ng isang ipinintang-larawan na apoy. Talagang hindi, wala kasi itong init. Ang araw ng kahapon ay wala nang init.

63 Ipinapadala ang sikat ng araw sa lupa, sa natural, para pahinugin ang butil para sa nalalapit na pag-aani. Bawat araw ay nagdadala ng bagong araw. Ang araw na sumisinag ngayon, na nagpapatubo sa trigo, sa Canada; ang siya ring araw na ’yun, buweno, kung hindi ’yun. . .na wala nang mas titinding araw pa kaysa roon, sa parating na Hulyo o Agostong ito, kaya hindi

nito mapapahinog ang butil. Kailangang mas maigting pa at mas makapangyarihan, dahil sa araw-araw ay lumalaki ito't humuhusto sa gulang, para palabasin ang butil.

64 Ngayon kung ang trigo, mismo, kapag nagsimula na itong humusto sa gulang, lumalabas na ang butil, kung mananatili ito mismo sa butil, sadyang binubuo nito ang butil. Bawat araw, 'yung ipa na nakatalop sa paligid nito, 'yung—'yung bahaging calcium at kung ano pa na nasa sa loob nito, ay nabubuo mismo sa butil, habang tumitindi ang araw.

65 Pero kunin mo ang araw na sumisikat sa Agosto, at itapat ito sa trigo ng panahon ngayon, papatayin nito ito. Tunay nga, hindi mo maaaring gawin 'yun. Kailangan nitong dumating sa kapanahunan nito. Ganoon din na dapat mahinog ang trigo at butil ng Diyos sa takdang kapanahunan, sa panahong kinapapalooban Nito. Pero papaanong ang isang araw... Buweno, mamamatay ang isang trigo, mamamatay ang mga bunga, sa pamamagitan ng araw na nabubuhay ngayon, o sumisikat ngayon, ang ibig kong sabihin. Nahihinog na ang nalalapit nitong ani. Kailangang humusto sa gulang ang butil kasama ng liwanag.

66 Pero ang problema, ngayon, ayaw humusto sa gulang ng butil ng iglesya. Gusto nitong manatili sa tila panahon noon nina Moody, Sankey, Finney, Knox, Calvin. Mainam naman sila, sila ang liwanag ng panahon na 'yun noon.

67 Pero panibagong oras na ito. Panibagong araw na ito. Ito ang pagsulong ng Ebanghelyo; malapit na Itong humusto sa gulang. Kaya hindi tayo maaaring mabuhay sa sinabi ni Luther, sinabi ni Wesley, o ng ilan pa sa kanila. Nabubuhay tayo sa Liwanag na inihula para sa araw na ito. Tayo'y nasa ikapitong kapanahunan na ng iglesya, hindi sa ikatlo o ikaapat na kapanahunan ng iglesya. Kailangang matanggap Ito nung butil. Kung hindi, mahuhulog ito at wala na Itong kabuluhan. Huhusto sa gulang ang butil sa Liwanag kung magpapatuloy ito kasama ng Liwanag.

68 Gayundin na dapat ilabas ng iglesya ang tinapay ng bawat panahon, na iniutos ni Jesus, na, "Mabubuhay ang tao sa pamamagitan ng bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos."

69 Ang Tinapay na kailangan natin ay nasa Biblia. Ito ang kumpletong kapahayagan ng plano ng Diyos. Ito ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo. Wala tayong idaragdag Dito, o aalisin na anuman Dito; sinuman ang gagawa nun, ay aalisin ang kanyang pangalan sa Aklat ng Buhay. Hindi natin kailangan ng anumang kredo para idagdag Dito. Nasusulat Ito sa paraan na nararapat Itong masulat. Hindi tayo magdaragdag ng anuman Dito, mag-aalis ng anuman mula Rito, haya't ipinapangaral natin Ito sa paraan kung paano mismo Ito, at ang Diyos nga'y, ihahayag ito. Bawat pangako na

ipinangako Niya, ay Kanyang ihahayag din. Hindi tayo dapat mag-alis Dito o magdagdag Dito. Hayaan lang natin Ito sa paraan kung papaano Ito.

70 Pero, nakita n'yo, sa panahong ito, nakikita natin ang mga tao na para bang katulad noong panahong 'yun noon, na nagpupumilit na mamuhay pabalik sa isang silaw na lang. Kailangan mahinog ang iglesya kung paanong nahihinog ang trigo, "na ang tao ay mabubuhay nang hindi lamang sa tinapay, kundi sa bawat Salita ng Diyos, ang Tinapay ng Buhay." Hindi lang bahagi ng mga Salita; bawat Salita ng Diyos, sa bawat kapanahunan! Huwag lang kayong maglumagak at panay-panay ang kain ng munggo't mga patatas. May iba pang mga bagay na kalakip ito, habang patuloy tayong kumakain sa buong handa ng dakilang Hapunan ng Diyos na inihain sa harap ng Kanyang bayan, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang—ang pagbubunyi ukol Dito, sa kapangyarihan at sa Espiritu na ibinigay na. "Gagawin din ninyo ang mga gawang Aking ginagawa. Sapagkat Ako'y nabubuhay, ay mabubuhay rin kayo." Ang mga pangakong ipinangako ni Jesus sa Kanyang Iglesya, at sa kabila nun nakakakita tayo ng mga tao na nagpupumilit na bumalik doon sa ibang kapanahunan na lumaon na.

71 Ang panahon ni Luther, ay isang napakagandang panahon noon. Nakita niya ang depekto ng simbahang Katoliko, nakita niya ang komunyon. Na, ang batang paring 'yun, nakita niyang mali 'yun, "hindi 'yun ang literal na katawan ni Cristo," kapirasong tinapay lang 'yun na—na binasbasan nila. At nakita niya na, "ang alak ay hindi mismo literal na Dugo," kundi kumakatawan lang ito sa Dugo. Kaya iprinotesta niya ang naturang bagay dahil dumating na ang oras ng panahong 'yun. At kahit gaano pang karaming pari ang mayroon sila, at kung ano pa man ang mayroon sila, hawak-hawak ng Diyos ang isang tao na makapagpapasinag sa liwanag. Amen. Tinanggap niya'y, "Pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya," at pinagliwanag niya ang ilaw ng kapanahunan ng Lutheran. Pagkatapos na dumating 'yun, natapos din ang panahon nito.

72 Dumating ang panibagong panahon na dapat na lumayo ang iglesya sa mga kasalanan nito, at magpapaging banal. Dumating si John Wesley, isang munting lalaking Anglican mula roon sa Inglatera, na kasapi sa iglesyang Anglican, pero nakita niya ang liwanag sa Ebanghelyo. Oras na 'yun para dumating ang Kapanahunan ng Filadelfia. At noong dumating siya, ipinangaral niya ang ikalawang gawa ng biyaya, isang pagpapabanal sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo. Walang makatayo sa liwanag nito. Itinuring siya na isang panatiko gaya ni Luther, pero iprinotesta niya ang lahat ng iba pa sa kanila, at pinasinag ang liwanag, dahil 'yun ang liwanag ng panahon. Nakatagpo ang Diyos ng isang tao, si John Wesley, na

makapagsisindi ng ilaw.

Siya'y nakasumpong ng. . .at maging isang Luther, na nagsindi sa ilaw para sa kapanahunang 'yun.

73 Pagkatapos dumating ang mga kapatid na Pentecostal. Bumalik sila sa kanilang kapanahunan, ng pagpapanumbalik ng mga kaloob, ipinanumbalik ang mga kaloob, ng pagsasalita ng mga wika, mga kaloob ng pagpapagaling, at mga bagay sa iglesya. Ngayon, ginawa nila nang eksakto kung ano ang sinabi ng Kasulatan na gagawin nila, at, noong gawin nga nila, inihayag nila ito. Ganoon nga mismo.

74 Pero napagtanto n'yo ba na umusad na tayo mula roon? Tayo'y nasa panahon na ng Nobya, ang oras ng pagpili, ang panahon na (ang Nobya) ay sinabi nilang magkakaroon tayo. "Ang lahat ng iniwan ng kuliglig," sabi ng Joel 2:28, "ang lahat ng iniwan ng kuliglig, ay kinain ng—ng tipaklong; at ang lahat ng iniwan ng tipaklong, ay kinain ng balang."

75 Bawat isa sa mga organisasyong ito, kung nabasa n'yo na ang Pitong Tatak ng Biblia, ang bawat isa sa mga repormista na 'yun ay humayo at ipinangaral ang Salita, pero may iniwan. Haya't anong ginawa nila pagkatapos ng mga repormista, at nagsimula nang lumamlam ang liwanag? Sa halip na magpatuloy sa paglakad sa higit pa na Liwanag, inorganisa nila ito. At noong inorganisa nila ito, "Naniniwala kami sa Liwanag na *ito*. *Ito* ang Liwanag! *Ito na* Iyon." Anong ginawa nila? Dumating si Wesley at umusad palayo mula sa kanila.

76 Anong ginawa ni Wesley? Naorganisa pagkatapos niya, at ang kanyang—kanyang kapatid, sina John at—at Charles, at dumating si Asbury at ang iba pa, at, pagkatapos ng kanilang panahon, inorganisa nila ang tinatawag na iglesyang Methodist. Anong ginawa nila? Tinanggihan nila ang dagdag pang Liwanag. Basta na lang sinasabi nila, "*Ito* na ang Liwanag. *Ito* na Iyon."

77 Pagkatapos ay dumating ang mga Pentecostal at ipinakita sa kanila, na nagpapadala pa rin ang Diyos ng bautismo ng Espiritu Santo. Hinahatid pa rin Niya ang Kanyang kapangyarihan ng pagpapagaling, na kanilang tinanggihan. Anong ginawa nila? Lumakad mismo palayo sa kanila, dahil ito'y panibagong liwanag.

78 Ano na ngayon? Dumaan ang higit animnapung taon natin, nag-organisa ang mga Pentecostal, "Kami ay *ganito*, kami ay *ganoon*," at umalis palayo ang Diyos mula rito; patungo roon sa ibayo, at inilalabas ang isang Nobya, isang Hinirang, mula sa grupong 'yun. Na, hindi na magkakaroon pa ng panibagong kapanahunan ng iglesya. Ang Kapanahunan ng Iglesya ng Filadelfia ay si Wesley. At ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea ay ang oganisasyong Pentecostal, na hahantong lahat diretso mismo sa tatak ng hayop. Iyon ang Biblia, gaya ng sinasabi kanina ng kapatid. Totoo po 'yun. Tama. Sila nga, lahat

sila na mga organisasyon, dahil tumatanggi silang lumakad sa mas maunlad na Liwanag. Inoorganisa nila ang kanilang sarili, at sinasabi, "Naniniwala kami sa ganito." Kapag may ginagawa ang Diyos, suriin n'yo ito sa Kasulatan.

79 Sabi ng mga Fariseo, "Nasa amin Ito." Sabi ng mga Saduceo, "Nasa amin Ito." Pero nasa Diyos Ito! Ipinihit ng Diyos ang susi at ipinakita ang Liwanag. Tinanggihan Ito gaya ng nangyayari sa tuwina.

80 Tinanggihan ng iglesyang Katoliko si Luther. Tinanggihan ni Wesley si Luther. At gayundin na tinanggihan ng Pentecostal si Wesley.

81 At tinatanggihan ngayon ng Espiritu Santo ang mga Pentecostal. Nagiging kasing pormal at kasing lamig na kayo gaya ng iba pa sa kanila. Kita't pansin 'yan ng lahat. Mahal ko kayo. Kayo ang pinakamalapit sa Biblia, sa abot ng nalalaman ko, kaya naman kasama n'yo ako. Pero, makinig kayo, buksan n'yo ang inyong mga mata at masdan ang araw na kinabubuhayan natin! Panahon na naman para ipihit ang susi, at magkaroon ng Liwanag, para kumuha ng isang Punongkahoy. Sinabi ng Biblia, sa Malakias 4, "Magsusugo Siya at ipapanumbalik muli ang orihinal na Pananampalataya na nasa mga tao noon." Ipinangako Niya ito. Noon pa ma'y ginagawa na Niya ito. Ipinadala Niya ang Kanyang Salita, at dumating ang mga propeta dahil dumarating ang Salita sa mga propeta, at dala-dala nila ang Salita at ibinunsod Ito na maging buhay.

82 Tinanggihan sila ng mga organisasyon at mga sistema ng panahon, bawat kapanahunan, mangyari mismo na gagawin din nila ito ngayon. May kakayahan ang Diyos na magpalitaw ng isang tao ngayon katulad ng ginagawa Niya noon. Hindi Siya kailanman nagpalitaw ng mga organisasyon. Tanungin n'yo ang sinumang mananalaysay ng kasaysayan, tingnan n'yo ang kasaysayan; kapag nag-organisa ang isang organisasyon, ito nga'y namamatay roon at hindi na kailanman bumabangon. Nakikipag-usap ang Diyos sa mga indibiduwal. Tama.

83 At nangako ang Diyos na gagawin itong muli sa mga huling araw, at Kanya ngang gagawin 'yun. Kung ano ang ipinangako ng Diyos, ay Kanyang gagawin, para sindihan ang isang Ilaw na makapagpapatibay sa mga pangakong Kasulatan ng panahong ito. Sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni—ni Lot, ay gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." Ipinapakita sa inyo, nakikita n'yo kung anong ginagawa nila. Tingnan n'yo si Jehovah, kung anong ginawa Niya, inilagay mismo ng ating Ama ang lahat ng bagay sa posisyon.

84 Naroon si Lot sa sanlibutan, doon sa Sodoma, kung saan naroon ang lahat ng kasalanan, sala-sa-init sala-sa-lamig. May

isang mensahero roon na nangangaral sa kanya, hayan din naman.

85 Naroon ang grupo ni Abraham, ang Hinirang, na inilabas, yaong may kamit na pangako, na tunay na naghihintay para sa Anak. Naghihintay si Lot para sa isang anak, din naman, pero hindi sa anyo na hinahanap ni Abraham ukol sa anak na ito. Anong nangyari? Bago 'yun mangyari, bumaba ang Diyos at inihayag ang Kanyang Sarili sa laman, at idineklara na Siya ang Salita, dahil, "Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, at kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso." Sinabi ni Jesus, "Gayundin ang mangyayari muli, sa pagparito ng Anak ng tao." Banal ang mga pangakong ito, sinambit ang mga ito ng labi ni Jesus Cristo. Mabibigo pareho ang kalangitan at lupa, datapwat ang mga Ito'y hindi mabibigo kailanman. May kakayahan mismo ang Diyos na magpalitaw sa mga bato ng mga anak ni Abraham. Oh, siyanga!

86 Tayo'y nasa ating paglalakbay, bagay na katulad sa Israel noon. Ang Israel, sa kanilang paglalakbay, ay kinailangang mamulot ng bagong manna araw-araw, dahil may bagong manna na nahuhulog. Hindi tayo dapat mamuhay sa liwanag ni Luther, mamuhay sa liwanag ni—ni Wesley, o mamuhay sa liwanag ng Pentecostal. Nasa ibang kapanahunan na tayo, bagong Manna.

87 Anong nangyayari noon kung susubukan nilang itago ang manna na 'yun? Yun nga'y nakokontamina. Ikamamatay nila 'yun. Yan ang dahilan kung bakit marami tayong mga patay sa espirituwal, na naturingang mga Cristiano. Kinakain nila ang silaw ng ibang araw. Kinakain nila ang manna na kontaminado na. Tulad ng ipa na nasa trigo, kapag ang isang bagay ay di mapupunta sa loob ng trigo, malalagas 'yun mismo mula sa trigo. At kapag tinanggihan ang Liwanag, wala nang isang bagay pa ang magaganap, magiging madilim na. Anumang bahagi ng gabi, na tatangging makabanaag ng Liwanag, ay babalik sa kadiliman. Gayundin sa Ebanghelyo, sa bawat kapanahunan ay napatunayan na ganoon mismo. Nabubuhay tayo sa panahong 'yun.

88 Kontaminado na ang manna ng kahapon. Naririnig ko ang mga tao na nagsasabi, "Apatnapung taon ang nakalipas, nagawa ko 'yung *ganito-at-ganoon*." Tama naman 'yan, pero papaano naman sa panahong ito? Papaano naman ang pag-aalab ng iglesya? Bukambibig natin ang tungkol sa kahapon, papaano naman ang iglesya sa panahon ngayon? Papaano ka naman bilang isang indibiduwal sa panahon ngayon? Dahil, ang kahapon ay hindi na uubra para sa panahon ngayon. Mainam ito kahapon.

89 Ang mensahe ni Luther ay ang liwanag ng panahon niya, katulad ni Juan noon, pero may lumitaw na higit na liwanag.

Ganoon din noon si Luther na isang napakainam na liwanag, at nagbunyi tayo sa kanya nang ilang panahon, pero may dumating na isa pang liwanag na nagpatay nung sa kanya. Ang dapat sanang ginawa nito'y sumama Rito; at nagpatuloy Ito tungo sa perpektong buong piraso ng Tinapay, nagpatuloy sana tungo sa perpektong Manna ng Diyos. Pero anong ginawa nila? Inorganisa nila. Nakapasok ang tao rito. Sa halip na ang Diyos ang manguna rito, nakapasok ang tao at ang kanyang mga sistema rito, na bumulag dito.

90 Oh, ang Punongkahoy ng Nobya na ito, tinabasan na ito. Alinmang sanga na hindi namumunga ay tinatabasan. Sinabi ni Jesus na ganoon nga, San Juan 15. Ang bagay na nangyayari ngayon, nakita natin na pinutol na ang mga ito, tinabas.

91 Tandaan n'yo, ang pinaka puso ng punongkahoy ay nasa mismong gitna ng puno. Laging mahihinog ang bunga, ang huling bahagi na pagbubungahan ng isang puno, ay sa mismong ituktok nito, dahil ang kasariwaan ay nagmumula sa sentro ng buhay na nasa binhi.

92 Ito'y isang Punongkahoy na Nobya. Si Jesus ang Nobya, isa Siyang Puno. Pinutol nila Siya. Siya ang Punongkahoy ng Buhay na nasa halamanan ng Eden. Pinutol nila Siya at ibinayubay Siya sa isang Romanong punongkahoy, para tuyain Siya. Anong ginawa Niya? Binuhay Siya ng Diyos sa ikatlong araw, mula sa mga patay. At ngayon ay may isang Punongkahoy na Nobya; nagsimula Ito roon sa pasimula, noong Araw ng Pentecostes.

93 Pakinggan n'yo, kayo na mga kaanib sa iglesya! Hindi nagsimula ang Iglesya sa Nicea, sa Roma. Nagsimula ito sa Jerusalem, noong Araw ng Pentecostes, kung saan nagsimula ang Iglesya. Pagkatapos anong ginawa nila? Tuluy-tuloy sa pag-oorganisa; at patuloy naman ang Diyos sa pagpuputol ng mga sanga. Pagkatapos inorganisa nila ang Lutheran; pinutol ang mga sanga. kay Wesley; pinutol ang mga sanga. Sa Pentecostal; pinutol ang mga sanga. Hanggang sa makarating ito . . .

94 Pero ang Diyos ay magkakaroon mismo ng Punongkahoy na Nobya! "Ang lahat ng kinain ng uod at kinain ng kuliglig, ay Aking isasauli," sabi ng Panginoon. Sinasabi sa atin ng Malakias 4 na ibabalik tayo sa orihinal na Pananampalataya kung papaano noong Araw ng Pentecostes, "ang pananampalataya ng mga magulang." Naniniwala tayong darating ito. Naniniwala akong oras na para rito ngayon. Nalanta na't natuyo ang mga sanga, at aalisin na nila ang mga ito mula sa Punongkahoy, para ang bunga'y maipamunga na mismo sa ituktok ng Puno. Oh, grabe!

95 Ang lahat ng mga ilaw na ito'y ayos naman. Ang Iglesya sa panahong ito'y ang ilaw na 'yun at saka kung ano ang tinanggap nito ngayon. Ito'y para tapusin ang ani. Gaya ng nalalaman natin, ang Punongkahoy Mismo, o . . . Kailangang humusto sa

gulang 'yung trigo sa Liwanag, na lumaki ito mula sa pagiging isang dahon hanggang sa pagiging isang butil, at magpatuloy mula sa isang butil. Humuhusto ito sa gulang sa pamamagitan ng Liwanag. Ang liwanag ng ibang mga kapanahunan ay nagpapatotoo lamang sa kapanahunang ito. Ang liwanag ni Luther ay nagpatotoo sa—sa liwanag ni Wesley. Ipinapatotoo ni Wesley ang liwanag ng Pentecostal. Ito'y ang siya ring liwanag, pero patuloy lamang na humuhusto sa gulang sa pamamagitan ng Liwanag. Kung makikita lang sana ng mga tao ito!

96 Noong nakaraan, binabasa ko ang isang maiksing artikulo, kung saan ang reyna ng Inglatera, (hindi ang reynang ito) 'yung isa pang reyna, bumisita siya para makita ang isang kumpanya ng papel na gumagawa ng napakagandang papel. At noong kinapanayam siya nung presidente ng kumpanya, inilibot niya ang reyna. Gusto nung reyna na makita kung paano ginagawa ang magandang papel na 'yun. Inilibot siya ng presidente't ipinakita sa kanya ang lahat nung malalaking panlapat na makina't mga bagay-bagay. At noong mga panahong 'yun, gumagawa sila ng mga papel mula sa mga basahan. Naaalala pa nating maigi 'yan. Mangyari nga na pumasok ang presidente sa isang silid at binuksan ang pintuan, at wala ngang anumang nasa loob nun kundi bunton ng mga basahan. Ang reyna, sa pagkagulat, kanyang nasabi, "Ano ba ang maruruming bagay na ito?"

97 Yung lalaki na. . .'yung presidente ng kumpanya, ang sabi niya, "Mga damit 'yan, kahapon. Kita n'yo po, naging marumi na ito. Hindi po namin itinatapon ang mga 'yan, siyanga't dahil 'yan ang papel sa kinabukasan."

Sabi ng reyna, "Hindi ko maunawaan."

Sabi ng lalaki, "Mauunawaan mo po ito bukas."

98 Kaya noong idinaan nila ang mga basahang ito sa panlapat na makina, para sa isang partikular na proseso ng paglilinis, at—at sa isang partikular na pamamaraan na kailangan nitong pagdaanan, isang proseso; paglabas nito, ay magaganda nang mga piraso ng papel. Naisip ng presidente na ipakita niya sa reyna ang isang bagay na hindi pa nito alam. Inilagay niya ang larawan ng reyna, at inilapat 'yun dun sa magandang papel. Noong matanggap 'yun ng reyna, nakita niya ang kanyang sariling larawan sa dating maruruming basahan, kahapon, dahil dumaan 'yun sa isang partikular na proseso.

99 Oh, kung si Luther, Wesley, at lahat sila, ay makita lamang 'yun, na ang mga bagay ng kahapon ay magagamit lamang sa pagdaan nito sa isang proseso! Kapag inihahayag ng Espiritu Santo ang Liwanag, mula pag-aaring ganap hanggang sa pagpapaging banal, hanggang sa bautismo ng Espiritu Santo, at ngayon sa huling oras ng Pagparito ni Cristo; mayroon nga itong larawan, hindi ng reyna, kundi ng Hari ng Langit na

kumakatawan sa Kanyang Sarili, habang ang iglesya'y nagiging halos nasa minoridad na, kung papaano nga na ang naturang pagmiministeryo ay kinakailangan na maging parehong uri ng pagmiministeryo Niya dati.

100 Ang mga namatay noong panahon ni Luther, doon sa ibaba ng piramide, tila ba; haya't hindi ito katuruan ukol sa piramide, kundi bilang paghahalimbawa lang.

101 Napakaperpekto ng piramideng 'yun, kung mayroon sa inyo na nakarating na roon. Hindi mo maisusuksok ang isang talim ng labaha, halos. Walang—wala pa silang semento noon, sa pagkakaalam natin. Napakahusay ng arkitektura nito! Ngayon, naiwala nila 'yung pangulong bato. Hindi nila alam kung nasaan 'yun. Ngayon kapag bumalik na ang pangulong bato, ito'y magiging katulad ng iba pa, sasanib ito sa batong naiwang nakatiwangwang. Kung ipapatong n'yo nga roon ang pangunahing bato, magiging sa ganoong paraan nga ito.

102 At sa pagbabalik ni Jesus, matatagpuan Niya ang isang Iglesya na nahugasan na, walang batik o kulubot, at ito'y pareho sa pagmiministeryo na mayroon Siya noon. Ibabalik nito ang Pangulong Bato.

103 Katulad ng kamay ko rito, sa isang anino. Isa itong anino, haya't mas maitim lang ito habang ang kamay ko'y lalong. . . Isang negatibo ito *rito*, isang positibo naman *dito*. Bilang negatibo at positibo, mas kumakapal ito; paitim, nang paitim, nang paitim, at sa wakas ay nagsasanib ito, at ang negatibo't positibo ay nagiging isa.

104 Diyan nga'y kapag ang Iglesya at si Cristo'y naging isa na, bilang isang Nobya, na may parehong Espiritu na nakay Cristo na nasa Nobya; kapag ang Iglesya ay dumaan na mula sa pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo, habang patungo sa mga huling araw, at hinahasa siya ngayon para sa Pagparito ng Panginoon.

105 Oh, huwag kayong maging magaspang na parte Nito, kapatid na Pentecostal. Magliwanag kayo kasama ng Salita't sampalatayanan ang bawat bahagi Nito. Huwag kayong pumadpad sa mga ismo na ito't mga bagay-bagay, na tulad ng nakikita nating nagaganap sa panahong ito. Huwag kayong mamangha roon, dahil darating na ang Pangulong Bato, na sumisigaw, "Abba, Ama," malapit na, "Diyos ko! Diyos ko!" Oo, naniniwala ako riyan nang buong puso ko.

106 Nakikita n'yo ba? Naiintindihan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ito si Cristo ngayon na kinukuha ang mga basahan ng kahapon, ang Lutheran, Methodist, Presbyterian, at ang iba pa, at pinapadaan Niya ito sa isang proseso. Anong uri ng proseso? Isang proseso ng Espiritu Santo; kung ano ang mayroon sila noon, at dagdag; trinatrabaho ito hanggang sa mailapat Niya ang Kanyang Sariling larawan, kung saan ang Iglesya at si

Cristo'y maging isa na sa paglalakip. Diyos, ipagkaloob Mo po ito! Umaasa akong makikita n'yo ito. Kung nakikita n'yo ito . . .

107 Ipinapaalala nito sa akin ang isang kuwento, noong kasagsagan ng—ng malawakang Welsh rebaybal. Naisip ng ilang kilalang tao rito sa bansa na pumunta roon at usisain ang Welsh rebaybal, kung ano ba ang mga kaganapan doon. At sa pagpunta nila, para usisain, para hanapin 'yung gusali na pinaggaganapan nito. Pagdating nila sa Wales, lumibot-libot sila, nagsimula silang magtanong-tanong kung saan 'yung gusali. Nakita nila ang isang masayang munting pulis na nakatayo sa may kanto, suot-suot ng kanyang munting gora, at sukbit-sukbit ang kanyang batuta na pinapaikot niya nang paganoon. At kaya lumapit ang mga kalalakihang ito sa kanya't nagtanong, "Tsip, maaari mo bang sabihin sa akin kung saang gusali ginaganap ang Welsh rebaybal?"

108 Sabi niya, "Opo, ginoo, aba'y ako 'yun! Ako 'yun!" Bakit? Bumubuhos sa kanya ang kagalakan at Liwanag ng Welsh—Welsh rebaybal na nasa kaibuturan niya.

109 Ganoon din dapat ang iglesya ng Pentecostal ngayon, na kapag may magtatanong, "Sino si Jesus Cristo, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman?" Ang Ilaw ng Kanyang Ebanghelyo ay dapat na nagliliwanag kalakip ng Salita ng panahong ito, na inihahayag si Jesus Cristo sa bansa, katulad noon.

110 Lubos siyang napuspos ng Welsh rebaybal hanggang sa siya na mismo ang Welsh rebaybal.

111 Dapat tayong mapuspos nang lubos kay Cristo hanggang sa ating—ating masalamin Siya sa kapangyarihan ng Kanyang Salita na nakalaan sa atin sa panahong ito. Mga kapatid, huwag kayong magpahila pababa sa mga bagay ng sanlibutan, huwag, ng mga alalahaning ito na naglalayo sa inyo. Manatili kayo sa Ebanghelyo. Matyagan ang bawat Salita! Huwag kayong bumalik sa kung anong sinasabi ng kung sinong padre. Pumunta na tayo ngayon sa kung anong sinabi ni Jesus na magaganap sa panahong ito. Siyanga, po. Tayo dapat ang Ilaw ng kapanahunang ito, na inihahayag ang Ebanghelyo. Si Luther sa kanyang ilaw. Si Wesley sa kanyang ilaw, ang Pentecostal sa kanyang ilaw. Pero, malayo-layo na tayo sa daan ngayon, papunta na tayo sa pagka-Nobya, ang mga tinawag palabas, ang Hinirang. Tandaan n'yo, kung ganoon kayo, katulad kayo nung pulis na 'yun, na nasa kanya Ito.

112 Alalahanin n'yo, ito na ang ikapitong kapanahunan ng iglesya, ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea. Ayon sa Apocalipsis 3, tinatanggihan nila si Cristo. Sa lahat na kapanahunan ng iglesya na nabanggit sa Biblia, ang Laodicea ang pinakamalala sa kanilang lahat. Pinalabas Siya nito, tinanggihan Siya, inilagay Siya sa labas.

113 Nakita n'yo ba noong nagdilim ang buwan, noong isang gabi, bago nagpunta ang papa roon sa Roma, mula Roma papuntang Jerusalem? Ang Jerusalem, ang pinakamatandang iglesya; ang buwan ay isang tipo ng iglesya, laging pinaaaninag ang liwanag ng araw, kapag wala ang araw, at nagdilim ito. Iginuhit ko 'yun sa isang pisara rito, tatlo o apat na taon na ang nakalipas, at ipinakita ang mga iglesya, sa daan-daan at libo-libong tahanan sa buong bansa. Ano 'yun? Isang anino. Kauna-unahang beses 'yan na umalis ang isang papa, para bumalik dito, na nagtungo roon sa—sa pangalang Paul, at kung ano pa, nagpunta roon sa mga lugar na 'yun; na kinailangan daw basbasan ang ilog, para tawirin ito, at kung anu-ano pa. Para ano't kailangan nung—nung ilog ng pagbabasbas?

114 Anong nangyayari sa kapanahunang ito ng iglesya na kinabubuhayan natin ngayon? Hindi n'yo ba nakikita? Na idinedeklara na ito ng Diyos sa kalawakan, idinedeklara sa Kanyang Salita, idinedeklara sa pahayagan, idinedeklara Ito sa gitna ng mga tao? Hindi n'yo ba maimulat ang inyong mga mata't makita ang oras? Ang mga bagay na ito ang nagpapatotoo sa Katotohanan. Ito ang Liwanag ng oras na ito.

115 Masdan n'yo ang malawakang ekumenikal na pagkilos, na patugaygay na sa konsehong ito roon ngayon, na sadyang bumubuo ng isang larawan ng hayop, sa Apocalipsis 17, eksakto kung anong sinabi nitong gagawin nito. Anupa't kayong mga Pentecostal ay nauupo lang nang tahimik ukol dun tapos papasok na rin dito? Ang oras ng pamimilit ay dumating na.

116 Ngayon na ang oras para bumangon at pag-igihin ang inyong ilawan, at magningning sa Ebanghelyo ni Jesus Cristo at sa Kapangyarihan.

117 Alam kong hindi ito popular, dahil haya't marami sa mga kaibigan kong Pentecostal ang naupong kasama ang papa't mga iba-iba pa, at sinasabi, "Isang napaka espirituwal na pakiramdam." Para sa akin, ito'y—ito'y mali. Ito'y salungat sa Biblia. Hayaan n'yong ang Salita ng Diyos ang Katotohanan. Siyanga, po. Oras na ngayon. Nakikita natin ang mga malawakang pagkilos na nagaganap sa . . . Oh, mukhang kaaya-aya ito sa natural na mata, pihado.

118 Mukhang kaaya-aya si Caifas sa inihahayag niya sa mga saserdote, noong panahong 'yun, sa buong panahon na 'yun. Pero si Jesus ang Ilaw na nagbibigay buhay sa Salita, pero ang kanilang mga konseho at ang iba pa'y bulag ang mga mata nila ukol Dito. Sinabi Niya, "Pabayaan ninyo sila; na aakayin ng bulag ang bulag, mahuhulog silang lahat sa hukay."

119 Nanumbalik uli tayo sa panahong 'yun, mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae. Nanumbalik tayo uli sa panahong 'yun. Pansinin. Bakit? Dahil sa parehong dahilan.

120 Nakita natin na ang—ang maliliwanag na ilaw na kinabuhayan natin, sa mga nagdaang panahon, ayos naman ang mga ito, wala tayong anumang laban sa mga 'yun. Pero, ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea na ito, mag-ingat kayo, alalahanin n'yo, tinanggihan nito si Cristo. At ganoon na ganoon nga ito ngayon.

121 Lumilibot ang malaking konsehong ito, para papagkaisahin ang lahat ng mga Protestante, itong ekumenikal na pagkilos na ito. At anong ginagawa nito? Inilalabo nito ang mismong Salita, hayan nga, at ang Salita'y si Cristo. Papaano nila nagagawa? Gayong, ang Christian Science, ang United Brethren, at marami sa kanila sa ibang malalaking organisasyon, haya't naniniwala ang ilan sa birheng kapanganakan, ang iba nama'y hindi, naniniwala ang ilan sa *ganito* at *ganoon*. Papaano n'yo mailalakip ang sarili n'yo sa kawalan ng pananampalataya? "Papaanong makalalakad ang dalawa na magkasama liban na sila'y magkasundo?" Magsilabas kayo sa kanila at humiwalay kayo, at tanggapin ang Banal na Salita ng Diyos at manatili Rito.

122 Obligado si Jesus Cristo na ihayag ang Kanyang Salita. Ang bagay na kailangan natin ngayon ay ang paglitaw ni Malakias 4. Lilitaw ang isa pang propeta sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, at gagawin niya nang eksakto kung ano ang ipinangako ng Diyos na gagawin. Pagkatapos, bulag na tatalikuran Ito ng tao at lalakad nang diretso sa kadiliman, gaya ng ginagawa na nila noon pa man.

123 Masdan ngayon, nalaman natin, na ngayon, ay ganoon din ang dahilan, kaya tinatanggihan nila, haya't tinatanggihan ng mga iglesya ang Mensahe, ipinapako ang Salita, tinutulak palabas ang Salita. Ngayon kung di kayo kabilang sa ganoon, ni hindi kayo—hindi kayo maaari man lang magkaroon ng sarili n'yong simbahan. Ipapasara nila ito. Kailangan n'yong mapabilang dun. Kung di n'yo gagawin, ipapasara kayo. Kung ganoon ano naman? Oh, manindigan kayo para Roon sa tama! Tandaan n'yo, panahon na namang muli para sa pagpapako sa krus, halos.

124 Ang huwad na liwanag ang naging sanhi ng pinaka matinding—pinaka matinding pagnanakaw kailanman sa mundo, doon sa Inglatera, di pa katagalan. Ang pinaka matinding pagnanakaw na naisagawa kailanman, ay ginawa sa pamamagitan ng huwad na ilaw. Naisagawa ang pitong-milyong-dolyar na pagnanakaw sa pamamagitan ng huwad na ilaw na nagpabagal dun sa tren, at di mahagi-hagilap ng Scotland Yards 'yung tao. Natakasan nila 'yun, nang mala-palos. Nakilala 'yun bilang ang pinaka matinding pagnanakaw na nagawa kailanman ng mga magnanakaw, sa natural. Ninakawan nun ang mundo, sa pinaka matinding pagnanakaw nito.

125 At ang pinaka matinding pagnanakaw naman na nagawa kailanman sa iglesya ni Jesus Cristo, ay ginawa sa pamamagitan ng huwad na liwanag, isang silaw ng ibang panahon, at pagtanggi sa Liwanag na inihula para sa panahong ito. Amen. Huwad na liwanag, isang silaw ng kahapon! Huwag kayong lumakad sa silaw ng kahapon. Lumakad kayo sa init ng Anak ngayon. Huwag n'yong hatakin pababa ang sarili n'yo tungo sa isang makadenominasyong lilim, na sinasabi, "Lipas na ang panahon ng mga himala."

126 Sinabi ni Jesus, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan, magsasalita sila ng mga bagong wika. Lalakip ang mga tandang ito sa kanila."

127 Sinasabi nila, "Para 'yun sa mga apostol noon; hindi na sa atin." Isa 'yung nakasisilaw na sinag.

128 Sinabi ni Jesus, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya, sa buong mundo." Siyanga, po.

129 Ngayon anong nangyayari? Lumalakad sa isang nakasisilaw na sinag, naging sanhi ito ng pinaka matinding pagnanakaw, inalis nito ang Cristo mula sa iglesya. Kita n'yo, papaano ihahayag ni Cristo ang Kanyang Sarili sa isang Salita na ipinangako para sa panahong ito, sa pamamagitan ng isang malamig na kredo ng kahapon? Hindi nito mapapainitan ang Binhi. Hindi, po. Siyanga't pinaka matinding pagnanakaw sa iglesya!

130 Mapapainitan? At, tandaan n'yo, hindi mapapahinog ng malamig na ilaw ng kredo ang Binhi ng panahong ito. Tinatanggihan nito ang Binhi. Makapal na usok ito na nasa ibabaw ng lupa, makapal. Panahon na para tumindig ang Diyos at sindihan ang Ilaw muli, buhayin ang Kanyang Salita. Tunay nga, Liwanag! Hindi pahihinugin ng malamig na kredong 'yun ang Butil. Tunay na hindi.

At, tandaan n'yo, naglakbay ang sibilisasyon kasabay ng araw.

131 Gaya ng sinabi ko na sa inyo sa simula, kailangan kong pagmasdan ang mga talinghaga, kung paano ang takbo ng kalikasan. Wala akong edukasyon para gawin ito; ayaw ko nito. Mas gugustuhin ko 'yung bagay na mayroon na ako, kaysa sa lahat ng edukasyon sa mundo. Nasa akin si Jesus Cristo. Nakikita ko Siyang isinasabuhay ang Kanyang Salita, at 'yun lang ang kailangan kong malaman.

132 At kung ang isang tao'y ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, sasaliksikin niya ang Kasulatan para tingnan kung Ito ang sagot para sa panahong ito. Ang sagot sa panahong ito ay si Cristo. Si Cristo ang Salita. Kapag nabuhay ang Salita, ipinapakita nito ang Liwanag na ipinangako para sa panahong ito. Sa madilim na Kapanahunan na ito ng Laodicea, iilan lang, "Ang lahat ng

Aking tinatanggap, ay Aking dinidisiplina, Aking sinasaway. Magsisi," sinabi ni Jesus, "at magbalik." Bumalik sa Salita. Siya ang Salita. Lumapit kayo sa Kanya. Siyanga, po.

133 Pagmasdan n'yo ang Liwanag. Nagmumula ito sa Silangan, papuntang kanluran. Nasa Kanlurang Baybayin tayo. Nagkaroon ito ng tatlong yugto, hindi po ba? Nagkaroon ito ng tatlong yugto. Tinawid nito ang tubig, nang tatlong beses. Mula kay Pablo, tapos tumawid ng Mediteraneo, dumating sa Alemanya, nasindihan ang Alemanya kay Luther; tumawid sa English Channel, papunta sa Estados Unidos at ngayon. . . o papunta sa—sa Inglatera; tapos, Inglatera, tumawid Ito ng Pasipiko, papunta sa Estados Unidos. At nagpatuloy siya sa mensahe ni Luther, tuluy-tuloy, hanggang sa huling bahagi Nito na nandito muli sa Kanlurang Baybayin.

134 At mula sa pagkahinog ng butil, mula pa roon kay Luther, pababa sa kapanahunan, dapat ay nasa kapuspusan na ito ng Ebanghelyo ngayon, ang Kapangyarihan ng Diyos na nagpapahinog. Ang Liwanag na ipinakita sa pag-aaring ganap, pagpapaging banal, sa kapanahunan ng pentecostal, dapat ay pahihinugin din ang Punongkahoy na Nobya para sa Pagparito ng Panginoong Jesus Cristo; para mahayag si Cristo sa Kanyang Iglesya, bilang isang Persona, Siya at ang Kanyang Asawa, Siya at ang Kanyang Nobya. Amen. Ito ang oras na kinabubuhayan natin. Ito ang Liwanag ng panahong ito. Lumakad kayo Rito! "Maliligtas kayo, lahat na mga taga-wakas ng lupa."

135 Ang silaw ng iglesya sa panahong ito'y lubhang nakapanlilinlang, sinabi ni Jesus sa Mateo 24. Sinabi Niya, "Ililigaw nito ang mismong hinirang kung maaari." Kita n'yo, hindi si Luther ang di tatanggap. . .Hindi madadaya ni Luther ang isang Methodist. Hindi madadaya ng isang Methodist ang isang Pentecostal. Siyanga, kita n'yo, pero papaano naman ang Nobya? Yan ang bumulag sa mga mata ng mga Pentecostal. Oo. Kita n'yo, bumalik kayo sa inyong kredo, sa inyong anyo, nag-organisa, at kumuha ng sambunton na mga kalalakihan na nagsasabi sa inyo kung anong gagawin.

136 Ipinangako ng Biblia ang mga bagay na ito. Kailangan natin ng kalalakihan at kababaihan na puspos ng Espiritu ng Diyos.

137 Kung sinasabi n'yo na nasa inyo ang Espiritu ng Diyos, at nangako ang Diyos ng isang pangako Rito, papaano Ito sasang-ayunan ng Espiritu Santo, na sasabihin, "Buweno, marahil mainam 'yan para sa ibang panahon. Pero di namin pinaniniwalaan Ito sa ganyang paraan"? Hindi 'yun ang Espiritu Santo kung ganoon.

138 Ang taong puspos ng Diyos, siya at ang Salita ay isa. Tunay, nga. Produkto ito ng pagkakaisa, isang pagkakaisa sa pagitan ng Diyos at tao.

139 Papaanong ang isang babae, na magiging asawa ng isang lalaki, ay sasalungat, gagawa ng mga bagay na ayaw ng lalaki na gawin niya? Papaanong nagagawa natin na makipaglandian sa sanlibutan, at sa mga denominasyon at mga organisasyon, na haya't tatanggihan ang Liwanag para sa panahong ito? Papaano mangyayari ang ganoon, kapatid na lalaki't kapatid na babae? Kung mayroon tayong banal na pag-ibig at respeto para sa bawat isa sa inyo, papaano natin matatanggap ang mga bagay na ganito? Papaano natin pakikinggan ang ganito? Itinatapon nga ito pabalik sa mismong kandungan natin uli.

140 Huwag n'yong kondenahin ang mga Lutheran; dahil, kinondena nila ang Katoliko. Huwag n'yong kondenahin si Wesley; dahil, kinondena niya ang Lutheran. Kita n'yo, tulad n'yan, na kinokondena n'yo ang Bagay na nangyayari sa panahong ito at tatalikod mula Rito; yamang nakikita n'yo ang inyong mga iglesya na umaanib na sa malawakang ekumenikal na pagkilos na ito, at iba pang tulad nun, na inaakay kayo, bawat isa, patungo sa tatak ng hayop, at mayroon kayo nito. Maraming matapat ang puso na mga tao ang lumalakad diretso mismo rito.

Sinasabi n'yo, "Mabubuti silang tao, mga banal na tao."

141 Ganoon din ang mga saserdoteng 'yun noon. Kung kailangang mapasaakin ang kabanalan ni Jesus Cristo, o ang mga bunga ng Espiritu, marami sa inyo ang dumako rito . . . Ngayon, hindi sa pagwawalang-saysay rito. Pinaniniwalaan ko ang bawat Salita nito.

142 Marami sa inyo ang magsasabi, "Oh, nakakapagsalita ako ng iba't ibang wika. Nasa akin na Ito." Hindi 'yun Ito. Hindi, po.

Marami sa kanila ang nagsasabi, "Ang bunga ng Espiritu, 'yun Ito." Yun nga ba?

143 Litisin natin si Jesus (Diyos, patawarin Mo po ako) pansumandali. Ipatawag natin kayo, at ako kunwari ang saserdote. Sasabihin ko sa iyo, "Ang Binatang ito, ay dumating sa bayan, na tinatawag na Jesus na taga-Nazaret. Huwag kayong makikinig sa Kanya. Naniniwala tayo sa bunga ng Espiritu. Ngayon tumingin kayo rito, sa mabait n'yong matandang pari. Siya, ang lolo niya, ang lolo niya sa tuhod, lahat mismo'y mga pari. Isinakripisyo niya, ang buong buhay-kabataan niya. Nanatili siya sa seminaryo. Nagmasid siya, naniwala siya, kanyang—kanyang ginawa ang lahat ng itinuro nila sa kanya. Kabisado niya ang Kasulatan, mula A hanggang Z. Kanya pa ngang isinusulat Ito, mismo. Isinusulat ang mga Kasulatan, mismo, ganoon ang gawain ng mga eskriba. At heto siya, isang dakilang tao! Alam n'yong siya namang talaga.

144 "Anong nangyari noong ipinapanganak kayo ng iyong nanay? Sinong tumayo sa tabi ng kama n'yo? Ang mabait ngang matandang pari. Noong maghihiwalay na sana si nanay at tatay, sinong nagresolba na magkasundo silang dalawa muli at umakay

sa kanila pabalik sa Diyos? Ang mabait ngang matandang pari. Oo.

145 "At dito'y humingi si Jehovah ng isang kordero bilang isang hain, para sa kasalanan. Ang mga negosyante, naninirahan sila sa mga bayan dito at sila'y—sila'y nagbebenta ng kanilang mga kalakal, at—at iba pa, ng kanilang mga produkto't ani, at sari-sari pa na ibinibenta nila. Hindi sila nakakapag-alaga ng mga kordero. At anong ginawa ng mga pari? Pinayagan nila ang isang maliit na mesa rito, para makapagbenta sila ng mga kordero, para makapasok ang tao na ito, malinisan ang kaluluwa niya kay Jehovah.

146 "Ang lalaking ito, si Jesus na taga-Nazareth, anong ginawa Niya? Ano bang iglesya ang pinanggalingan Niya? Anong denominasyon ang kinaaaniban Niya? Anong fellowship card? Dapat sisipain natin Siya palabas. Wala tayong magiging anumang kaugnayan sa Kanya, dahil kinokondena Niya ang bawat isa sa atin. Anong ginawa Niya? Umakyat Siya roon at ginulo 'yun, kung saan nagsisikap lamang ang mga tao na maligtas ang kaluluwa nila, ang iglesya," gaya ng tawag natin dito sa panahon ngayon, kayo na mga espirituwal ang pag-iisip, "Pinagsisipa Niya ang mesa, ikinalat ang mga pambarya; kumuha ng mga lubid at tinirintas ang mga 'yun, at itinaboy sila; at tinawag 'yung banal na matandang pari n'yo na, 'anak ng diyablo,' 'yung mabait na matandang lalaking nagpahiram sa inyo ng salapi noong may suliranin kayo.

147 "Sinong tatayo sa tabi n'yo at maglilibing sa inyo pagkamatay n'yo? Ang mabait ngang matandang pari. Mayroon siyang bunga ng Espiritu. Pero ang Jesus na taga-Nazaret ba na ito'y may bunga ng Espiritu?"

148 Hindi kayo maaaring magbatay sa pamamagitan ng pagsasalita ng mga wika, ni magbatay sa pamamagitan ng bunga ng Espiritu. Dahil ito ang kahayagan ng Salita ng Diyos, na inilalantad sa Liwanag. Ang Liwanag ang may gawa nito.

Ang taong lumalakad sa Liwanag! Hindi nagtatatag si Jesus Cristo sa ibabaw ng pagsasalita ng mga wika, bagaman ginawa Niya ito. Hindi Siya sa bunga ng Espiritu, bagaman ginawa Niya. Hindi kayo maaaring magbatay roon. Bagkus sinampalatayanan at sinang-ayunan Niya Ito nang may diin, at isinabuhay ng Diyos ang bawat Salita ng pangako noong panahong 'yun sa pamamagitan Niya. Yun ang Liwanag ng panahon. Yun ang katibayan.

149 Kapag sasabihin sa akin ng isang tao na ang Espiritu Santo ay bumababa sa kanila at tatanggihan na gayon ang bawat Salita ng Diyos, may kung anong mali rito. May bagay na mali sa mga seminaryo natin, at sa iba pa, kapag itinuturo nila sa tao ang lahat nitong teolohiyang nag-iindoktrina't mga bagay-bagay sa panahong ito. Ganoon na ganoon ang gagawin ng mga taong 'yun

laban sa Salita ng Diyos, at aakayin sila mismo patungo roon sa ekumenikal na pagkakatay, aba, talagang, maling-mali ito.

150 Sinasabi ko 'yan sa Pangalan ng Panginoon! Masdan n'yo at tingnan kung hindi ba't totoo Ito, ang Liwanag, ang Liwanag ng panahon!

151 Hindi makapagbibigay ng ani ang malalamig na kredong 'yun. Kailangan nating magkaroon ng isang Iglesya na nahugasan sa Dugo ng Cordero, at naging isa sa Salita, na mapaging yaong Iglesya.

152 Ang mga nakasisilaw na sinag ng iglesya sa panahong ito, sinabi ni Jesus, ay lubhang mapanlinlang, "kamuntik-muntikan ang mga Hinirang kung maaari." Ang mga Hinirang lang! "Ngunit kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Noe, noong walong kaluluwa ang naligtas, gayundin naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao." Napaka, napaka kakaunti ang maliligtas sa panahong 'yun.

153 Anong gagawin nito? Hahantong ito sa patayan. Nasumpungan natin 'yan dito sa kasalukuyang kadiliman na ginagalawan natin. Magsasara na po ako, sa pagsasabi nito. Sa kasalukuyang kadiliman na ginagalawan natin, ang mga araw na ito na ating kinabubuhayan ngayon, kung saan nakapatay na ang Ilaw sa kalangitan, nakapatay na rin Ito rito, sa harapan natin, para ipakita; ipinakita ng Biblia, sa Pitong Tatak, kung ano ang nangyayari. At dito'y inihahayag ito ng Diyos mismo sa langit, bumaba mismo at inihayag ito sa lupa. At nagsisilakad papunta mismo rito ang mga iglesya!

154 Sinong magliligtas sa munting tumatalima sa Salita na Nobya kung ganoon? Anong mangyayari sa Kanya kapag pinalabas Siya roon sa malamig, nang mag-isa lang Siya? Hindi Siya lalamigin, ang pinagtibay na Salita ng pangako sa panahong ito. Oh, oo. Para nga itong isang. . .

155 Nakakalito ito, alam ko, sa mga tao, na makita ang iglesya na sadyang magsasabi, "Buweno, halos pareho lang ito." Sinabi ni Jesus na magiging ganoon ito. Magiging ganoon, hanggang sa, "Dadayin nito maging ang mga Hinirang kung maaari." Oh, oo. Siyanga, po.

156 Ipinaalala nga sa akin nito ang isang lalaki sa Florida, kamakailan lang. Naikuwento niya, ikinuwentong mayroon daw siyang Chevrolet na kotse na namatayan ng makina sa Florida, at sinabing dinala niya 'yun sa garahe. At sinusubukang kumpunihin 'yun nung mekaniko, at naisaayos na niyang lahat, at hindi pa rin niya 'yun mapagana. Inilagay na niya ang lahat na ng bagay roon, na mailalagay niya. Pinalitan niya ng bago ang lahat ng iba't ibang bagay dun, pero, may kung anong kakaiba, talagang ayaw nitong gumana. At hindi niya 'yun mapagana. Haya't sinubukan niya nang sinubukan. Nag-aalala

na 'yung munting mekaniko, patakbo-takbo, sa buong gusali, dinadampot 'yung ganito-ganoon.

157 At 'yung lalaking nakatayo roon, sinasabi, "Hinihintay ko na ang kotse ko, ginoo. Atrasado na ako. Hindi mo ba maiayos?"

158 Sinabi nung mekaniko, "Ginagawa ko ang lahat ng makakaya ko," na talagang alalang-alala at tuluy-tuloy sa pagkukumpuni. Tapos may lumapit dun.

159 Isang ginoong may magarang bihis ang direktang lumapit doon at tiningnan siya pansumandali, at sinabi niya sa mekaniko, matapos na paunlakan siya na sumilip-silip doon pansumandali, sinabi niya, "Bakit hindi mo galawin ito? Hindi ka dinadaluyan ng kuryente."

160 Kaya sabi nung mekaniko, "Hindi ko naisip 'yun." Kaya ipinihit lang niya 'yung isang munting pihitan dun, kung ano man 'yun, at pagkatapos napadaloy na niya 'yung—'yung kuryente, at gumana 'yung kotse.

161 Bumaling 'yung mekaniko't sinabi, "Sino po kayo?" Alam n'yo ba kung sino siya? Siya ang punong inhinyero ng—ng General Motor. Siya ang gumawa nung kotse na 'yun. Siya ang nagdisenyo nun.

162 Sa oras na ito, kapatid, na oras na iniisip natin kung anong nangyayari sa ating rebaybal, kung anong problema? Nasa atin na ang materyales at lahat-lahat, mayroon na tayong mekanismo, pero nasaan ang Dinamika? Yun ang kailangan natin, para mapakilos si Jesus Cristo sa eksena. Anong problema? Sasabihin ko sa inyo, may Isa rito ngayon, hallelujah, na tinatawag na Espiritu Santo, na makahihipo sa Dinamika. Siya ang Dinamika ng mekanismo.

163 Nakatayo tayo sa araw na ito, bilang mga Pentecostal, isa sa pinakamalalaking iglesya sa bansa, libo-libong makalibo ang nadadagdag kada taon, pero nasaan ang Espiritu Santong 'yun? Tinanggap daw natin ito, sa pamamagitan ng pagsasalita ng mga wika, at nakita natin kung papaano ito kumilos. Tinangggap daw ito ng Methodist, sa pamamagitan ng pagsigaw. Tinanggap ito ni Luther, sa pamamagitan ng pananampalataya, at iba pang tulad nun. Hindi pa 'yun Ito.

164 Ito'y ang Salita! Ito'y ang Salita na binuksan, sinisindihan ng Ilaw ang mekanismo at sila'y nagiging Dinamika. Ang mga ito'y Dinamika, kapag ang Dinamika, kapag dumating ang Dinamika sa mekanismo. Pasisimulan nga Nito na paganahin ang bagay na 'yun. Siyanga. Kunin n'yo ang Salita. Kung may isang maliit na bagay na nakaligtaan, Dito, hindi ito gagana. Isantabi n'yo ang bawat pabigat, bawat ismo, bawat kredo, para ang Dinamika, ang Espiritu Santo, ay makadaloy sa pamamagitan ng Salita't pagtibayin ang Salitang ipinangako para sa panahong ito; pagkatapos ang dakilang Iglesya ng Diyos ay babangon sa kanyang mga paa na tulad ng isang eroplanong

jet, na papalipad sa himpapawid para salubungin ang kanyang Panginoon. Ganoon mismo. Hanggang sa gawin natin ’yun, hindi ito gagana. Ganoon ito. Siyanga, po. Sinong gagawa nito? Sinong magpapanatili nito rito sa araw na ito na iniisip natin? Tandaan n’yo, tandaan n’yo, kapatid.

165 Ngayon po’y ipinapaalala nito sa akin ang isa pang munting kuwento. Hindi tayo maglulumagi sa mga kuwento, pero isang kaibigan ko ang nakatayo noon sa Carlsbad, New Mexico, noong naroon kami na nagdadaos ng isang pagtitipon sa Carlsbad. At may isang grupo ng mga tao na bumaba sa kuweba roon.

166 Oh, ayaw ko—ayaw ko ng ganoon, sa ibaba roon kung saan ito’y malalim, at halos isang milya sa lupa. Ako, ako po’y kuntento na rito sa itaas. Mangyari nga, na bumaba sila. Ang gusto ko nga’y papaitaas ang punta, hindi pababa. Kaya ako . . .

167 Isinama nila ’yung lalaking ’yun, bumaba roon. At siya’y kaibigan kong lalaki, at ’yung munti niyang anak na babae at munti niyang anak na lalaki’y bumaba roon kasama nila. At—at bumaba sa isang malaking silid sa pinaka ibabang palapag, oh, sa palagay ko, daan-daan at daan-daan at daan-daang talampakan pailalim mula sa ibabaw ng lupa, sila’y bumaba roon. At ’yung lalaki roon sa tabi ng switch, haya’t bigla na lang [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] pinatay ’yung switch. At napakaitim at napakadilim, hanggang sa di mo maaninag maski ang kamay mong kumakawag sa harapan ng mukha mo. Yung munting batang babae, ’yung munting bata, siya’y natakot nang husto. Nagsimula siyang sumigaw nang napakalakas, “Oh, ang dilim! Ang dilim! Ang dilim,” takot na takot na sumisigaw.

168 Mangyaring nakatayo ang maliit niyang kapatid na lalaki. Sumigaw ’yung batang kapatid sa dilim, sabi niya, “Huwag kang matakot, munti kong kapatid, may lalaki rito na kayang magsindi ng ilaw.”

169 Hallelujah! Ano bang gagawin ng munting Iglesya? Huwag mag-alala. May isang Tao rito ngayon na kayang magsindi ng Ilaw, ’yun ang Panginoong Jesus Cristo. Oh, oo. Ang Panginoong Jesus Cristo!

170 Alalahanin n’yo, ’yung bulag . . . ’yung—’yung mayayaman noong panahon na ipinanganak si Jesus, hindi sila nawalan ng sigla’t nabulag sa silaw ng Jerusalem noong makarating sila roon, na nagtatanong-tanong tungkol kay Jesus. Hindi ’yun maipaliwanag ng kanilang teolohiya—teolohiya. Pero noong bumaling sila, sinundan nila Ito patungo sa Ilaw ng Buhay na Walang Hanggan.

171 Kayong mga negosyante sa panahon ngayon, huwag n’yong pagmasdan ang nakasisilaw na sinag na ito ng mga organisasyon, bagkus manghawakan kayo sa Salita. Pinapatnubayan kayo nito patungo sa Ilaw. Huwag kang

matakot, munting kapatid na babae, may isang Lalaki rito Na kayang magsindi ng Mga Ilaw. May isang Cristo rito na Siya’y may kakayahang buhayin ang Kanyang Salita gaya ng kung ano ang ginawa Niya noon, na pinapatotohanan ang Kanyang Sarili na Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Naniniwala ba kayo rito?

Tumayo tayo.

172 Mayroon pa akong labinlimang minuto bago dumako sa susunod na pagtitipon. Gusto n’yo bang itaas ang inyong mga kamay at sabihin, “Diyos, sindihan Mo po ang ilaw sa akin, ngayong umaga. Sinasampalatayanan ko ang Salita. Naniniwala ako sa mekanismo. Ilagay Mo po ang Dinamika sa akin, Panginoon”? Itaas n’yo ang inyong kamay at magsumamo sa Kanya, “Panginoon, sindihan Mo po ang Mga Ilaw!” May isang Lalaki rito na kayang magsindi nung Mga Ilaw. Tayo’y patay, sa komunismo, at kinain na mismo ng lahat ng uri ng mga uod ng organisasyon, pero may isang Lalaki rito Na kayang sindihan ang Mga Ilaw. Ang Lalaking ’yung ay ang Espiritu Santo, Mismo, si Jesus Cristo na nahayag sa Espiritu!

173 Panginoong Jesus, hipuin Mo po ang bawat isa sa mga kamay na ito; hindi lang mga kamay, kundi pababa sa braso hanggang sa puso, at sindihan ang Ilaw ng Ebanghelyo. Sa Pangalan ni Jesus!

64-0125 Sindihan Ang Ilaw
Ramada Inn
Phoenix, Arizona U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org